Headline	UNDERSTANDING, GOODWILL THROUGH PHILIPPINE DANCES		
MediaTitle	Balita Sunday		
Date	21 Jul 2013	Color	Black/white
Section	Opinyon	Circulation	226,755
Page No	6	Readership	226,755
Language	English-Filipino	ArticleSize	343 cm²
Journalist	No Journalist	AdValue	PHP 18,824
Frequency	Weekly	PR Value	PHP 56,472



EDITORIAL

UNDERSTANDING, GOODWILL THROUGH PHILIPPINE DANCES

Ang tanyag na Bayanihan Philippine National Folk Dance Company ay nagtamo ng Gold Award sa 14th World Folklore Festival sa Buyukcekmece, Istanbul, Turkey noong Hulyo 7, 2013, tinalo ang iba pang grupo ng mananayaw mula Brazil, Greece, Ukraine, Estonia, Bulgaria, Montenegro, Slovenia, Mexico, Hungary, Serbia, North Cyprus, Turkey, at Slovakia. Natamo rin ng Bayanihan ang Gold Award sa parehong festival noong 2007. Ang nanalong pagtatanghal ng Bayanihan na nagaplita ng mayamang kultura ng Pilipinas ay kinabibilangan ng Call of the Lumad (Bagobo Tribal Dance Suite), ang Spanish-inspired na mga sayaw, at ang naging pangwakas nila ang Tinikling. Matindi ang palakakan sa pagtatanghal nila ng Singkil, Pandanggo sa Ilaw, at Maglalatik.

Naitaguyod ng Bayanihan ang pag-uunawaang pang-internasyunal sa pamamagitan ng sayaw at musika, naghatid ng karangalan sa bansa at nakamit ang paghanga ng milyun-milyong katao sa anim na kontinente sa pamamagitan ng pagtatanghal na inilarawan ng New York Times bilang "puno ng buhay at kakaiba". Bukod sa mga sayaw ng Pilipinas, itinatanghal din nito ang mga sayaw sa mga bansa sa Africa, Asia, Australia, Europe, United States of America at sa Middle East – na itinatanghal sa 66 bansa at 700 lungsod sa buong mundo. Ang malumanay na mga galaw, nakamamangyang mga kasuotan, at katutubong musika ng mga mananayaw ang pumukaw at nagpahanga ng mga tagapanood. Taglay ng bawat sayaw ang maingat na pananaliksik sa etnikong rituwal, kaugaliang katutubo at tradisyon.

Ang Bayanihan ang unang grupong Pilipino na magtanghal sa Broadway at sa Lincoln Center for the Performing Arts, na parehong nasa New York. Sila rin ang unang naimbitahan na magtanghal sa Russia, China, at South America. Una rin silang Filipino dance company na tumanggap ng Ramon Magsaysay Award for International Understanding; ang unang nangtanghal sa World Showcase Millennium Village sa Disney World Florida.

Ang Bayanihan ay itinatag 56 taon na ang nakararaan noong 1957 at nagsimulang magtanghal sa ibayong dagat noong 1958 sa pagdaraos ng Brussels World Fair sa Belgium. Nakilala ito at naging pinakadakilang ambasadors of goodwill ng bansa. Bilang pagkilala sa mga pagsisikap at tagumpay sa pagtatanghal sa pandaigdigang komunidad ng mayamang kasaysayan at kultura ng Pilipinas, ipinatupad ng pamahalaan ang Republic Act 8626 noong Abril 15, 1998 na nagdedeklara sa Bayanihan Philippine Dance Company bilang Philippine National Folk Dance Company.

Binabati natin ang Bayanihan Philippine Dance Company sa pangunguna ng kanilang Founder at Chairman Emertus na si Dr. Helena T. Benitez at Executive Director Suzie M. Benitez sa kanilang pagtamo ng mga panghanga para sa Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga katutubong sayaw at musika ng Bayanihan na itinuguring isang national treasure. CONGRATULATIONS AT MABUHAY!

Powered by: iSENTIA

Headline	UNDERSTANDING, GOODWILL THROUGH PHILIPPINE DANCES		
MediaTitle	Balita Sunday		
Date	21 Jul 2013	Color	Black/white
Section	Opinyon	Circulation	226,755
Page No	6	Readership	226,755
Language	English-Filipino	ArticleSize	343 cm²
Journalist	No Journalist	AdValue	PHP 18,824
Frequency	Weekly	PR Value	PHP 56,472

UNDERSTANDING, GOODWILL THROUGH PHILIPPINE DANCES

BAYANIHAN PHILIPPINE NATIONAL FOLK DANCE COMPANY

CHAIRMAN EMERITUS
DR. HELENA T. BENITEZ

EXECUTIVE DIRECTOR
SUZIE M. BENITEZ

MANILA BULLETIN
JULY 21, 2013

Binabati natin ang Bayanihan Philippine Dance Company sa pangunguna ng kanilang Founder at Chairman Emertus na si Dr. Helena T. Benitez at Executive Director Suzie M. Benitez sa kanilang pagtamo ng mga panghanga para sa Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga katutubong sayaw at musika ng Bayanihan na itinuguring isang national treasure. CONGRATULATIONS AT MABUHAY!

Powered by: iSENTIA